# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 9 | BASAHIN AT TALAKAYIN | SETYEMBRE 2023


EDITORYAL

## Labanan at gapiin ang terorista't ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte

Walang ibang paraan para makapanatili sa poder ang magnanakaw, ilehitimo at kinamumuhiang pasistang rehimeng US-Marcos-Duterte kundi ibayong patindihin ang bangis at lupit ng mga armado't mapanupil na pwersa ng estado sa nakikibakang mamamayan. Sa nakaraang higit isang taon, pinanumbalik nito ang alaala ng lagim ng batas militar na nag-iwan ng malalim na sugat sa bayan. Gaya ng dati, ginatungan ng teroristang pang-aatake ang naghihimagsik na damdamin ng mamamayang nag-aasam ng kalayaan, demokrasya, kapayapaan at hustisya.

Pinakawalan ng imbing tambalang Marcos-Duterte ang matinding terorismo upang mapanatili ang bulok na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa bansa. Naging mabagsik ang estado ng naghaharing uring panginoong maylupa-malaking burgesya kumprador sa desperasyon nitong patuloy na magkamal ng yaman at kapangyarihan sa gitna ng sumisidhing krisis at girian sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihang US at China. Tulad sila ng mga parasitikong wala na ngang patawad sa pagsipsip sa lakas ay pinagdurusa pa ang kanilang biktima.

Hindi makapaghahari ang teroristang rehimeng Marcos-Duterte kung walang basbas ng imperyalismong US. Tuluy-tuloy ang pagkakaloob ng US ng mga armas at sasakyang pandigma sa AFP-PNP. Narito rin sa bansa ang libu-libong tropang Amerikano sa tabing ng mga ehersisyong militar, ngunit labas dito ay nagsisilbing tagapayo at kung minsa'y kumander ng mga operasyon ng AFP. Ang apirmasyon ni Joe Biden sa rehimeng Marcos-Duterte na pangita sa tuluy-tuloy nilang amo-kliyenteng ugnayan ay patunay na suportado ng US ang pagsupil sa mamamayang Pilipino.



KALATAS

Setyembre 2023
TOMO 43 BILANG 9

NILALAMAN

1 Labanan at gapiin ang terorista't ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte

3 Ayon kay Ka Joma

4 Pangunahing Lathalain: Taas-presyo ng kopra at pagbawi sa coco levy fund, makatarungang kahilingan ng magsasaka sa niyugan

5 Balitang TO: Opensiba ng BHB sa Quezon at Mindoro, tagumpay!

6 Lathalain: Para saan ang buhay ni Ka Shane?

7 Kilos Protesta: Mamamayan ng TK, nangalampag laban sa taas-presyo at importasyon

8 Kilos Protesta: Ibasura ang Terror Law, biguin ang pasistang teror sa TK

9 Tugon ni PdG: Bakit krimen sa digma ang pambobomba at panganganyon ng AFP sa mga komunidad?

11 CDX ng BHB, hindi labag sa Ottawa Treaty

11 Bantay Karapatan: 1 lider manggagawa, pinatay; 3 kabataan, dinukot

12 Kultura: Tam Lumaban!

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

Resulta nito ang pinatinding paninibasib ng mga teroristang pwersa ng estado sa kalunsuran at kanayunan. Itinambak ng rehimen ang militar at pulis sa mga eryang pinagnanasaan ng malalaking dayuhang kapitalista at mga burgesya kumprador na gawing minahan, plantasyon, pook eko-turismo, residensyal, komersyal at iba pang kontra-mamamayang proyekto.

Peste ang tingin ng mga magsasaka at katutubo sa mga militar at pulis na nagsasagawa ng *focused military operations* at *retooled community support program operations* (FMO-RCSPO). Biktima sila ng mga iligal na interogasyon, intimidasyon at pagbabanta, pagsasamantala sa kababaihan pati ang pagsira at pagnanakaw sa ari-arian ng sibilyan na nagaganap habang may FMO-RCSPO. Sa nakaraang taon, pinakamababang bilang ang 29,310 na biktima ng mga paglabag ng AFP-PNP tulad ng panghaharas, paghahamlet, blokeyo sa pagkain at ekonomya, sapilitang paglikas, iligal na pagdakip, pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, *red-tagging*, pagkakait ng karapatan sa abogado, walang patumanggang pamamaril at pambobomba at iba pa sa rehiyong TK.

Malinaw na naroon ang AFP-PNP-CAFGU upang takutin at palayasin ang mga pamayanan mula sa kanilang lupain at tirahan, hindi upang protektahan diumano sila mula sa mga "teroristang NPA" gaya ng kanilang ipinapangalandakan. Itinago sa ngalan ng "gera kontra-terorismo" ang isang madugong gera na hindi kumikilala sa demokratikong karapatan ng mamamayan o sa alinmang batas at karapatang tao na nagtatanggol sa buhay, kabuhayan at dignidad ng tao.

Naroon din ang AFP-PNP sa mga pagawaan, eskwelahan, simbahan at mga komunidad upang marahas na supilin ang sumisibol nang progresibong kaisipan at makatarungang paglaban ng uring api't demokratikong sektor sa lipunan. Naging target nila ang mga magsasaka, manggagagawa, maralita sa kalunsuran, pambansang minorya, mga tagapagtanggol ng karapatang tao, kabataan, kababaihan, pati mga propesyunal gaya ng mga taong midya, guro at abogado na nagsusulong ng mga demokratikong kahilingan ng bayan.

Tanda ng teroristang paghahari ang walang pangingiming pagpatay ng mga ahente ng kasalukuyang rehimen. Sa unang taon (Hunyo 2022 - Hunyo 2023) nina Marcos-Duterte sa poder, naitala ang 103 biktima ng pampulitikang pamamaslang kung saan 53 ay magsasaka. Idinadamay ng militar maging ang mga bata, matatanda, maysakit at buntis. Sa TK, may anim na kaso ng pagpatay sa sibilyan ang AFP-PNP. Isa rito ang pagpaslang ng 59th IB sa 9-taong gulang na batang si Kyllene Casao at magsasakang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno noong Hulyo 2022.

Lansakang pagpatay din ang ipinapataw ng rehimen sa mga nahuhuli nitong kadre't opisyal ng PKP at BHB na wala sa katayuang lumaban, dahil sila'y alinman sa matatanda na o may malalang karamdaman. Ito'y tahasang paglabag sa internasyunal na makataong batas at alituntunin ng digma.

Labas pa rito ang may 300 namatay sa pagpapatuloy ng brutal na gera kontra drogang pamana ni Rodrigo Duterte. Hindi natatapos, bagkus ay pinalulubha, ang brutalidad ng mga pulis laban sa maralita.

Labis ring ginagamit sa panunupil ni Marcos Jr. ang isinabatas sa ilalim ni Duterte na Anti-Terrorism Act (ATA) at NTF-ELCAC. Sa bisa ng ATA, pinagmumukhang ligal ang panghaharas, pananakot, iligal na pagdakip at

pagdukot sa mga aktibista at sibilyan. Halimbawa nito ang kaso sa Batangas, kung saan kinasuhan ng 59th IBPA ng paglabag sa ATA ang mga *human rights worker* at aktibista na nag-imbestiga sa pagkamatay nina Kyllene at Maximino. Ito ang maruming taktika ng pag-ugnay sa sinumang nakikibaka para sa kagalingan ng bayan sa armadong rebolusyonaryong kilusan na binansagan nitong "terorista". Sa ganito nagmumukhang "ligal" ang paglabag sa karapatan ng mamamayan.

Kaakibat ng lansakang pamamaslang at panunupil ang kultura ng impyunidad at kahibangang "ubusin ang mga komunista". Lahat ng ahensya't korte ay pinakikilos upang protektahan ang mga mamamatay-taong heneral at kanilang pasistang tropa mula sa pang-uusig. Nagkokoro ang mga ito sa gasgas na palusot na ang kanilang biktima'y "kasapi ng teroristang PKP-BHB" o "nanlaban". Pinagsisilbi naman ang NTF-ELCAC sa paninira at *red-tagging* sa mga progresibo, kritiko ng rehimen at mga pambansa-demokratikong pwersang nasa hayag upang ituring silang terorista at ikundisyon ang publiko sa pagiging katanggap-tanggap ng pang-aatake at pagpaslang sa kanila.

Puspusang paglaban ang nararapat na itugon ng mamamayan sa pasismo ng rehimeng US-Marcos-Duterte. Kailangang matapang na harapin ang pang-aatake ng estado at buong loob na suungin ang masalimuot na landas ng pagtatanggol sa mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mamamayan.

Dapat isapuso at tularan ang mga nagniningning na ehemplo ng wastong pagharap sa pasismo at terorismo ng estado. Balik-aralan sa kasaysayan ang marubdob na anti-diktadurang pakikibaka ng buong bayan noong Martial Law ni Marcos Sr. at pagbigo ng rebolusyonaryong mamamayan sa mga nagdaang kampanyang supresyon, mula Oplan Cadena de Amor hanggang JCP Kapanatagan ng nakaraang mga papet na rehimen. Ibandila ang sama-samang pagkilos ng mamamayan ng Quezon na pumigil sa pagkakampo ng mga militar sa mga baryo at protesta ng mga Batangueño sa presensya ng 59th IBPA. Halawan ng inspirasyon ang matapang na paglalantad nina Jhed Tamano at Jonila Castro sa *modus operandi* ng AFP kasabwat ng NTF-ELCAC na *kidnap*, tortyur at sapilitang pagpapasuko na dinanas nila mismo.

Sa kabila ng tumitinding pasismo, higit na pag-alabin ang pakikibaka para sa lupa, trabaho, sahod, karapatan, serbisyong sosyal at hustisya. Igpawan ang lahat ng balakid at tiyaking hindi mapipilan ang paglawak, paglalim at paglakas ng pambansa demokratikong kilusan. Sa kanayunan kung nasaan ang muog ng rebolusyon, ilunsad ang mga kampanya sa rebolusyong agraryo kasabay ng anti-pasistang paglaban. Magrekrut mula sa malawak na hanay ng masang magsasaka at iba pang mamamayan ng mga bagong Pulang mandirigma ng BHB at itayo ang mga milisyang bayan sa lahat ng baryo. Sa kalunsuran, iputok ang mga welga sa mga pagawaan at tuluy-tuloy na labanan ang mga neoliberal na atake sa kabuhayan. Sa ganito kakalat ang apoy ng digmang bayan na gagapi sa mga pasistang tropa at magpapabagsak sa mismong mapang-aping papet na estado.

Kailangang magpunyagi at magpakahusay sa lahatang-panig na pakikibaka, mula ligal, mala-ligal, iligal, at pinakamahalaga, ang armadong paglaban. Ang walang pag-iimbot na pag-aalay ng sarili ng rebolusyonaryong kilusan upang labanan ang mga uring mapang-api't mapagsamantala ay aantig sa taumbayan at lilikha ng malaking daluyong ng paglaban at ibayong magsusulong sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. K




"Hindi natin dapat katakutan ang sakripisyo, habang iniiwasan at sinasansala natin ang hindi kinakailangang mga sakripisyo. Hindi maaaring magkaroon ng rebolusyonaryong tagumpay nang walang sakripisyo... Dapat nating itaguyod ang makatarungang rebolusyonaryong adhikain, sumandig sa masa at higit na magsikap upang gapiin ang kaaway.

*- Mananaig ang Rebolusyonaryong Lakas ng Mamamayan, Ang Bayan, Ispesyal na Isyu, Setyembre 11, 1976*

# Taas-presyo ng kopra at pagbawi sa *coco levy fund*, makatarungang kahilingan ng magsasaka sa niyugan

Grabeng pahirap sa sambayanan ang napakabilis na pag-akyat ng implasyon sa ilalim ng inutil na rehimeng US-Marcos-Duterte. Katunayan, umabot ang implasyon sa pinakamataas na tantos nito sa nakaraang 14 taon. Para hindi mapahiya, panay ang buladas ng reaksyunaryong gubyerno na hindi pa umano ito malala. Pero sinong maniniwala? Bigas pa lamang, butas na ang bulsa ng masang Pilipino.

Dagdag pasakit ito sa 3.5 milyong magsasaka sa niyugan na matagal nang pinabayaan ng gubyerno. Bibilang sa 90%, o 9 sa 10 magniniyog, ang mahirap. Malaking mayorya sa kanila ang mga tauhan at nagpapaupa lamang sa lupa ng mga panginoong maylupa. Napakababa ang kanilang kita dahil sa mataas na upa sa lupa, mababang pasahod at mababang presyo ng buô at kopra na pasisidhiin pa ng mga pandaraya ng PML-koprada.

**Kalagayan sa gitna ng implasyon**

Karaniwan na sa mga magsasaka ang maghanap ng dagdag na pagkakakitaan dahil sobrang liit ng kinikita sa pagsasaka o pagkokopra. Ito ang karanasan ni Jim na may sariling dalawang ektaryang niyugan. Kahit 59 taong gulang na, walang tigil siyang kumakayod para kumita ng pera. Nagtitipon siya ng produktong bukid gaya ng saging at luya na pambenta. Paminsan-minsan, naglalako siya ng tinapay at chichirya sa baryo. Di rin nila halos maramdaman ang kakarampot na ayuda na nakukuha ng kanyang asawa na ₱3,000 mula sa 4P's na minsanan lang sa isang taon.

Kung aasa lang sa koprasan, papatak ang kita ni Jim ng ₱1,167-1,333 kada buwan. Sa isang taon, kataasan na ang apat na beses na makapagkopra. Madalas siyang nagpapakopra at kumukuha ng kalahati ng pinagbentahan ng kopra at buô. Kayang kunan ng hanggang 3,000 buô ang kanyang lupa at sa pangkaraniwan ay umaabot ang kita ng ₱7,000-8,000. Binibili ng lokal na koprada sa lugar nila ang kopra sa ₱20/kilo habang ₱8 naman sa buô.

Napagkakasya pa ni Jim ang kanyang kita para pakainin ang pamilya kahit tumaas na ng ₱8 tungong ₱50/kilo ang presyo ng binibili nilang bigas at nasa ₱90/kilo ang asukal. Pero hindi na niya kayang pag-aralin ang lahat ng anak niya. Kaya nitong pasukan, hindi na pumasok sa Grade 11 ang isa niyang binatilyo.

Mas mataas ang presyo ng kopra sa ₱29/kilo sa probinsya nina Elmar at Bibo. Ayon sa ilang magsasaka, kaya pa nilang tugunan ang pagkain at edukasyon ng mga anak, subalit ramdam na nila ang pagtaas ng arawang gastusin. Halimbawa, ang isang kabang bigas na dating nabibili sa ₱2,000 ay ₱2,600 na ngayon. Kwento ni Bibo, naubos na sa pagkain ang kanyang kita kaya hindi na siya makabili ng *feeds* na nagkakahalaga ng ₱65/kilo para sa kanyang alagang baboy. Daing naman ni Elmar, malaking bawas na sa kanyang kita ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa halip na mapunta sa gastusin sa pag-aaral ng kanyang mga kapatid.

Pareho ang daing nina Jim, Bibo at Elmar: sunud-sunod ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin pero hindi naman tumataas ang presyo ng kopra. Anila, dapat itaas ang presyo ng kopra upang makasabay sila kahit papaano sa implasyon.

Kung dumadaing si Jim, Bibo at Elmar na may maliit na parsela ng nyugang pag-aari sa epekto ng implasyon, di hamak ang sigaw dahil sa hirap na dinadanas ng mga maralita, mababang panggitna at manggagawang bukid sa niyugan na mga walang sariling lupa ngunit tauhan lamang ng mga PML. Sa mga lupaing ito, napakataas ng upa sa lupa sa anyo ng tersyo't 60-40 pabor sa PML at 50-50 sarili ng mga magsasaka ang gastos sa tapat, kawit at hilada ang ipinatutupad na partehan pabor sa mga panginoong maylupa.

Sa isang pambansang konsultasyon sa mga magsasaka sa niyugan nitong Agosto, pinagkaisahang ipanawagan ang pagtataas ng presyo ng kopra upang humabol sa halaga ng isang kilong bigas, habang itataas sa 1/3 nito ang presyo ng buô.

**Walang napala sa *coco levy***

Habang tumitindi ang krisis ng implasyon lalong nagiging mas mahalaga na ibalik sa magsasaka ang *coco levy fund* na ninakaw at ipinagkakait sa kanila ng reaksyunaryong gubyerno. Higit limang dekada na mula nang ipataw ng diktadurang US-Marcos ang Republic Act 6260 kung saan ipinataw ang "buwis sa niyog" na 55 sentimo sa kada 100 kilo ng kopra. Nangolekta ang estado ng *coco levy* mula 1972 hanggang 1983. Dinambong nina Marcos Sr. at mga kroni nito laluna nina Cojuangco, Enrile at Lobregat ang pondo sa *coco levy*. Katunayan ito ang ginamit na puhunan ni Danding Cojuangco upang bilhin ang 20% sapi sa San Miguel Corporation.

Naipanalo sa Korte Suprema sa pamamagitan ng militanteng pagkilos ang pagbabalik ng *coco levy fund* sa tunay na nagmamay-ari rito, ang mga magsasaka, subalit paulit-ulit na sinasagkaan ng reaksyunaryong rehimen ang pagpapatupad ng desisyon. Lahat ng batas hinggil sa *coco levy fund* mula rehimeng Arroyo hanggang Duterte

ay nakatuon sa paglalayo nito sa kamay ng magsasaka—at paglikha ng mekanismo upang mas madali itong dambungin gaya ng ginawa ng mga kroni ni Marcos Sr. Aabot na sa ₱105 bilyon ang *coco levy fund* na nahahati sa *asset* at *cash*.

Sa matagal na panahon, hindi napakinabangan ng masang magsasaka ang *coco levy fund* at hindi rin nila ito nagamit para paunlarin ang sariling mga niyugan. Tumanda na hanggang namatay ang mga orihinal na nagbayad ng *coco levy* nang hindi man lang nakatikim ng benepisyo rito. Wala ding isa mang naparusahan sa mga mandarambong.

Hindi aasahang makabenepisyo ang mga magsasaka mula sa *coco levy fund* kung marami sa kanila ang walang alam tungkol dito. Sina Jim at Bibo ay kapwa nagsabing hindi pa nila ito narinig dati. Ang mga kababayan naman ni Bibo na sina Mike at Elmar ay nalaman lamang ang *coco levy fund* sa mga pampulitikang pag-aaral ng BHB na ibinibigay sa mga magsasaka. Sa kanilang lugar, wala silang kilalang benepisyaryo nito. Hindi rin nila alam kung may balidasyon ng National Coconut Farmers Registration System sa kanilang bayan.

Hindi rin nagagamit ang *coco levy fund* upang tulungan ang mga nasalanta ng kalamidad. Sa mga nakaraang bagyo, walang natanggap na tulong sina Jim, Bibo, Mike at Elmar kahit na napinsala ang mga niyugan. Noong nakaraang taon, dalawang beses lamang nakapagpakopra si Jim subalit hindi siya nakakuha ng ayuda.

Sa buong bansa, may 44 milyong puno ng niyog na sira na at o matatanda na at dapat palitan. Hindi rin ito nalaanan ng kahit kaunting pondo mula sa *coco levy.*

Patuloy na nakikibaka ang mga magsasaka para mabawi ang *coco levy fund.* Iginiigiit nila ang direkta at kagyat na distribusyon ng *coco levy fund* sa mga magsasaka at paglikha ng pondo para sa kagalingan ng maliliit na magniniyog. 🅺

BALITANG TO

# Opensiba ng BHB sa Quezon at Mindoro, tagumpay!

Naglunsad ng mga taktikal na opensiba ang mga yunit ng BHB sa Quezon at Mindoro na nagresulta sa anim na patay at anim na sugatan sa AFP.




**Setyembre 1.** Lima ang patay at apat ang sugatan sa ambus ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon sa 85th IBPA at CAFGU sa Sityo Pag-asa, Brgy. Mapulot, Tagkawayan bandang alas-7 ng umaga. Tumagal ang labanan ng mahigit isang oras. Nakasamsam ang yunit ng AMC ng limang M16 at iba pang mga bala.

Nagsasagawa ng *recon patrol* ang mga militar sa paligid ng kampo nito sa Sityo Pag-asa nang tambangan sila ng BHB Quezon. Tinatayang nasa humigit kumulang 500 metro ang layo ng pinangyarihan ng labanan sa detatsment ng kaaway. Gumamit ang BHB Quezon ng mga riple at *command-detonated explosive* na dumurog sa 9-kataong iskwad ng nagpapatrulyang 85th IBPA at CAFGU.

Inilunsad ng BHB Quezon ang taktikal na opensiba upang bigyang hustisya ang lahat ng mga biktima ng paglabag ng 85th IBPA sa karapatang tao.

**Setyembre 20.** Ginawaran ng punitibong aksyon ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang kumpanyang *quarry* na Paolo Construction, pagmamay-ari ni Bongabong Mayor Elgin Malaluan, bandang 3:30 ng hapon. Sinira ng mga Pulang mandirigma ang isang *bulldozer*. Ipinaliwanag din nila sa mga manggagawa ang mapaminsalang epekto ng *quarry* at iba pang porma ng pagmimina.

Nag-oopereyt ang naturang kumpanya sa kahabaan ng ilog ng Bongabong, Oriental Mindoro. Ang *quarrying* o pagmimina ng *armour rocks*, graba at buhangin ay nagdudulot ng matitinding pagbaha at pagguho ng lupa.

Ayon sa LdGC, pagtugon ito sa kahilingan ng mamamayan ng Mindoro laban sa pagmimina at sa inilabas na Provincial Ordinance 145-2022 noong nakaraang taon na nagpapahintulot sa muling pagmimina ng a*rmour rocks*.

**Setyembre 27.** Isang patay at dalawang sugatan ang natamo ng nag-ooperasyong 80th IBPA sa aktibong depensa ng BHB Quezon sa Sityo Mararaot, Brgy. Lumutan, General Nakar, ganap na alas-10 ng umaga. Ayon sa yunit, 11 araw nang nag-rerekurida ang militar sa baryo. Kinokontrol ng mga pasista ang aktibidad at pagbili ng pagkain ng mamamayan. Silbing bantay ang mga pasista sa itinatayong proyektong Kaliwa-Kanan-Laiban Dam na tinatayang magpapalayas sa mga komunidad sa Brgy. Sta. Inez, Daraitan at Laiban sa Tanay, Rizal; at Brgy. Lumutan at Pagsangahan sa General Nakar.

Ayon kay Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK, "Nagtagumpay ang mga opensiba ng BHB dahil sa hindi nagmamaliw na suporta at pagmamahal na tinatamasa nito mula sa inaapi at pinagsasamantalahang masang magsasaka sa rehiyon." 🅺

# Para saan ang buhay ni Ka Shane?

Mataas na panggitnang magsasaka mula sa Bicol ang uring pinagmulan ni Ka Shane pero hindi naging maalwan ang kanyang buhay. Hindi siya nakapagtapos ng kolehiyo dahil sa kahirapan at impluwensya ng bulok na kultura. Taong 2009, umalis siya sa kanila upang makapagsapalaran sa Maynila sa pangarap na makapagpundar ng buhay na kanyang maipagmamalaki.

Pagdating sa Maynila, naging *boy* sa palengke si Ka Shane, naging barbero din siya at matapos ang ilang buwang paghihintay, natanggap siya bilang manggagawa sa kumpanya ng biskwit. Laking tuwa niya na natanggap siya sa trabaho. Pumirma siya sa tatlong buwang kontrata. Nag-*apply* siya bilang *operator* ng makina sa pabrika ngunit itinalaga siyang *reliever* sa iba't ibang departamento.

Bilang *reliever*, naikot niya ang mga departamento at natutunang patakbuhin ang halos lahat ng mga makina rito. Nakilala niya ang mga kapwa manggagawa at nakita ang iba't ibang porma ng pagsasamantala. Napakarami pala nilang kontraktwal. Pare-parehas silang laging pagod — 16-24 oras na pagtatrabaho pero kapiranggot ang sahod na ₱420.

Wala pa siyang alam noon hinggil sa pag-uunyon ngunit naririnig niya na ito. Pinaghusayan na lamang niya ang kanyang trabaho at makalipas ang siyam na buwan ay naging regular na siya. Makalipas ang apat na taon, nagtayo ng *sister company* ang naturang kumpanya sa Laguna. Isa si Ka Shane sa mga inilipat doon upang magsanay ng mga dagdag *operator* para sa bagong bukas na pagawaan. Pumirma sila sa kontrata na nagsasabing mananatili ang kanilang istatus bilang regular at ang kanilang sahod bagama't ililipat sila ng pabrika.

Ngunit makalipas ang ilang buwan, hinainan siya ng kumpanya ng bagong kontrata. Dito nakalagay na ibabalik sila bilang kontraktwal at bababa ang sahod mula ₱680 tungong ₱370 at tatanggalin ang kanilang mga benepisyo at *bonus*. Napilitan silang pumirma sapagkat mawawalan sila ng trabaho kung hindi siya sasang-ayon sa bagong kontrata.

Lubos ang kanyang galit noon sa kumpanya. Matapos silang gamitin sa pagpupundar ng bagong pabrika at pagsasanay sa mga bagong empleyado, ay nilapastangan pa sila. Inapakan ang kaniyang karapatan ngunit hindi pa niya alam noon kung paano ito ipaglalaban. Makalipas ang isang taon ay kusa na rin siyang nag-*resign* dahil sa hirap ng trabaho at hindi nakabubuhay na sahod.

Ilang buwan siyang nagpalipat-lipat sa mga pagawaan. Pumasok siya sa pagawaan ng tsitsirya, *noodles* at sabon. Hindi siya nakatagal sa mga ito dahil napakahirap at napakadelikado. Naranasan niyang maghapong maghakot at magpakete ng mga tsitsirya, mapasuan ng balat sa kamay sa pagawaan ng *noodles* dahil wala silang *personal protective gear*. Pinakamalala nang matuklapan ang kaniyang batok hanggang likod dahil sa tapang ng kemikal na pinapasan.

Sa sunod na pinasukang pabrika, lahat sila ay kontraktwal. Maski ang kasamahan niyang 26 taon nang nagtatrabaho rito. Dito na niya naranasan ang sunud-sunod na 16-24 oras na *shift* para habulin ang *export quota*. Naaaksidente ang kanyang kapwa manggagawa. Nariyang may nabalian ng braso, daliri, na-*stroke*, at may namatay pa nga.

Dito, narinig niya muli ang salitang "unyon". Sa pagkakataong ito, mapapasali na siya rito.

Kakatwa ang kwento ng pagpasok niya sa unyon. Hingi niya alam na ang kasama pala niya sa *boarding house* ay pangulo at pangalawang pangulo ng unyon. Minsan siyang niyaya ng "tagay" ng mga ito. Bilang manginginom, agad-agad at tuwang tuwa siyang sumama. Hindi pala totoong inuman ang pupuntahan nila kundi pag-aaral—pag-aaral ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP).

Sa pag-aaral, dahil hindi pa niya ito lubos na nauunawaan, binatikos pa niya ang pag-uunyon at protesta. Sabi niya "Dudurugin lang kayo ng malalaking kapitalista, panggulo lamang kayo sa mapayapang buhay at dagdag trapik pa."

Bagama't ganito ang kanyang sagot, patuloy pa rin siyang pinaliliwanagan ng mga katrabaho niyang kasapi ng unyon. Hanggang sa niyakag na naman siya sa isang "piyestahan" sa isang pabrika ng inumin. Akala niya, maraming pagkain at alak kaya't sumama siya.

Papalapit na sa pagawaan nang bigla silang sinugod at babatutain ng mga pulis. Nakita na rin nila ang malawak na piket ng mga manggagawang iligal na tinanggal, bitbit ang panawagan ng hustisya, dagdag sahod at maayos na kalagayan sa paggawa. Ang akala niyang piyestahan, kilos protesta pala! Sa galit niya sa pulis, nakisali na rin siya sa piket at tumulong pa sa pagtibag sa *gate* ng pabrika.

Dito na siya lubusang namulat at nagpasyang sumali sa unyon. Natutunan niyang kaya naman pala nilang labanan ang malalaking kumpanya basta't sila ay sama-samang kikilos.

Isa siya sa mga nanguna sa paglulunsad ng welga sa loob ng kanilang pagawaan sa kabila ng maraming beses na *harassment* at pananakot sa kanila ng kumpanya. Nag-organisa rin siya ng kapwa manggagawa at nagpalalim ng pampulitikang pag-aaral. Nakabisa na niya ang MKLRP na mistulang nagbibigay siya ng pag-aaral habang nagpo-propaganda.

Hanggang sa hindi na siya nasapatan sa pagkilos sa lungsod

at nagpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ika niya, "Bukod sa sarili at aking mga katrabaho, gusto kong tumulong at magsilbi pa sa higit na malawak na masang Pilipino sa kanayunan."

Tinalikuran niya ang kaniyang mga bisyo at kinalakhang buhay, at sinuong ang kanayunan kahit palampa-lampa ang kaniyang mga paang sanay sa semento at kalsada, hindi sa putik at sukal.

Sa proseso ay hinarap niya ang maraming krisis sa sarili. Naiisip niya ang kanyang pamilya at ang buhay-sibilyan. Bakit nga ba siya nagpapakahirap sa bundok kung pwede namang bumalik sa dati niyang buhay? Makikitagay. Barkada. Subalit napangibabawan niyang lahat ang mga ito. Ngayon ay walong taon na siyang Jukbo.




Maraming beses na rin siyang napalaban, natamaan ng bala, at napahiwalay sa yunit. Mayroon siyang karanasan na ilang linggong napahiwalay sa mga kasama matapos ang isang labanan. Habol-habol siya ng mga sundalo. Sa bawat puntahan niya, wala siyang kakilala. Walang pagkain at kahit barya man lang. Minsa'y gusto na niyang sumuko sa sobrang pagod, gutom at sakit na naramdaman dahil sa tinamong sugat sa labanan, ngunit hindi niya ito ginawa, ang kanyang dahilan:

Ang masang pinaglilingkuran niya. Lagi niyang nasa isip na, "Iisa lang naman ang buhay ko, sa rebolusyon ko na ito iaalay."

Taglay pa rin niya ang tatak ng isang proletaryado — matalas ang pokus sa trabaho, nais matuto ng mga bagong gawain, disiplinado, mataas ang pagpapahalaga sa kolektibong buhay at may tapang. Masigla siya sa paglahok sa produksyon kahit pa hindi naman siya marunong magsaka. Dahil sa kanyang kasigasigang matuto at gumampan ng mga gawain, isa na siya ngayong medik at kadreng militar. Makikita sa kanya ang kahalagahan at malaking ambag ng uring manggagawa sa BHB.

Ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila ng kapitalista ay hindi mawawakasan hangga't hindi nagwawagi ang rebolusyon. Ika niya, dito natin simulan sa kanayunan ang pagpapalakas hanggang sumulong papunta sa kalunsuran. Ang papel nilang manggagawa ay magsilbi bilang mga hindi kinakalawang na pyesa sa makina ng rebolusyon na magpapanday ng malayang lipunan.

Alam niyang sa hinaharap ay marami pa siyang daranasing kahirapan at sakripisyo , ngunit alam din niyang matatag niya itong mahaharap basta't alam niya kung para kanino at bakit niya ito ginagawa. Ngayon ipinagmamalaki niya ang kanyang buhay — isang buhay na buong puso niyang iniaalay sa masa. K

*KILOS PROTESTA*




## Mamamayan ng TK, nangalampag laban sa taas-presyo at importasyon

Sa pangunguna ng mga pamprobinsyang balangay at kasaping organisasyon ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (BAYAN-TK), inilunsad ng iba't ibang organisasyon sa rehiyon ang kampanyang "Kalampagan Kontra Taas-presyo at Importasyon". Pagtutol ito sa sunud-sunod na taas presyo ng langis at bigas at sa patakarang importasyon ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

Nagsagawa ng iba't ibang anyo ng protesta gaya ng *selfie protests* at *noise barrage* at sa pamamagitan ng sabayang kalampagan ng mga kalderong walang laman sa mga komunidad sa Cavite at Laguna noong Setyembre 11. Nag-ikot sa mga komunidad ang mga progresibong organisasyon upang talakayin ang isyu ng implasyon at ang mga pahirap na neoliberal na patakaran. Naglunsad din sila ng operasyon pinta at dikit ng mga *streamer* at *sticker.* Inirehistro ang disgusto ng mamamayan ng rehiyon sa kawalang aksyon ng gubyerno sa krisis sa bansa.

Itinambol din sa mga panawagan ang ayuda para sa pinakamahihirap na mamamayan, pagbubuwag sa mga kartel sa sektor ng agrikultura at pagbabasura sa Rice Liberalization Law at Oil Deregulation Law. Ipinanawagan din ang suporta sa mga magsasaka at lokal na prodyuser ng pagkain, gayundin ang pagsasabatas ng *family living wage* o nakabubuhay na sahod. K

### *Sa ika-51 taon ng Batas Militar,*

# Ibasura ang Terror Law, biguin ang pasistang teror sa TK




Sa ika-51 taon ng komemorasyon ng Batas Militar, nag-protesta ang mamamayan ng Timog Katagalugan bitbit ang panawagan na "Biguin ang pasistang teror sa Timog Katagalugan! Ibasura ang Anti-Terror Law! Mamamayan, magkaisa para sa karapatan, kalayaan at kabuhayan!"

Sa harap ng Korte Suprema, nanawagan ang delegasyon na itigil ang malawakang paglabag sa karapatang pantao sa rehiyon at ang paggamit sa Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA) laban sa mga *human rights defenders* at sa mamamayan. Ayon sa Karapatan Southern Tagalog, 19 ang sinampahan ng kasong paglabag sa ATA, kasama rito ang mga magsasaka, kabataan, taong simbahan at tagapagtanggol ng karapatang pantao na sina Rev. Edwin Egar at Rev. Glofie Baluntong.

Nagsumite ng bukas na liham ang mga biktima ng ATA na sina Kenneth Rementilla, Jasmin Rubia, Hailey Pecayo at John Peter Garcia para itulak ang Korte Suprema na ibasura ang ATA. Kinwestiyon din nila ang sistema ng hustisya sa bansa at kung paano nito isinasantabi ang pagtatanggol sa karapatang pantao sa gitna ng terorismo ng estado.

Sumama ang delegasyon ng Timog Katagalugan sa pambansang programa sa Liwasang Bonifacio at nagmartsa patungong Mendiola Peace Arch. Inawit nila ang "Bayan Ko" bilang pag-alaala sa paglaban ng mamamayan noong Batas Militar at hamon sa kasalukuyang henerasyon na labanan ang panunupil at tiraniya sa ilalim ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

"Hindi man hayagang deklarado ang Batas Militar, ramdam na ramdam ng mga mamamayan ng Timog Katagalugan ang puti at pasistang lagim sa tumitinding militarisasyon sa mga komunidad, pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, at paghuli at pagpatay sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Kung may Martial Law noon, may Terror Law ngayon," ayon kay Charm Maranan, tagapagsalita ng Defend Southern Tagalog.

Tinukoy din ng Defend Southern Tagalog ang papel ng US sa pananalasa ng terorismo sa bansa. Tumungo sila ng US Embassy upang kundenahin ang paglakas ng presensya ng US sa bansa sa pamamagitan ng pagtatayo ng dagdag na base militar at paglalagak ng armas pandigma na naglalagay sa mamamayang Pilipino sa panganib.

Ayon kay Kyle Salgado na tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan Timog Katagalugan, "Parehas na tuta si Marcos Sr. at Marcos Jr. kung saan patuloy silang nagpapakatuta sa Estados Unidos na lalong nagpakonsentra ng kanilang kapangyarihan kapalit ng pandarambong at paghahari ng imperyalismong Estados Unidos sa ating bansa."

**Protesta ng kabataan sa TK**

Naglunsad ng mobilisasyon ang mga kabataan mula sa Timog Katagalugan sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) noong Setyembre 20. Sa temang "Martial Law noon, Terror Law ngayon!", tinalakay kung paano sinasalamin ng *de facto* na Batas Militar ng ilehitimong pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang diktadura ng kanyang ama.

Tinuligsa nila ang ATA na ginagamit upang supilin ang karapatan sa pag-oorganisa at pagpapahayag. Inihambing nila ang Batas Militar at paggamit ng ATA ngayon laban sa mga aktibista. Ito ay sa gitna ng tumitinding militarisasyon sa rehiyon, at sa lumalalang krisis sa ekonomiya na minarkahan ng nagtataasang presyo ng mga batayang bilihing bigas at langis.

Sinimulan ang programa sa harap ng Oblation ng UPLB, kung saan nanguna sa pagsasalita si John Peter Garcia, isa sa mga kinasuhan sa bisa ng ATA. Ipinaalala niya ang malaking gampanin ng mga kabataan upang tutulan ang pananaig ng pasismo.

"Kung noon ay napakalaki ng ginampanan na tungkulin ng mga kabataan sa pagpapatalsik ng isang diktador, ganoon din ang inaasahan sa atin ngayon," ani Garcia.

Binigyang-diin naman ng iba pang mga tagapagsalita na bagaman tahasan ang pag-abuso sa kapangyarihan ng mga pasistang nasa poder, marami pa rin ang pinipiling tumindig at lumaban.

Matapos ang isang *snake rally* ay nagpatuloy ang programa sa Carabao Park, UPLB.

Nagsalita ang mga representante mula sa mga lider-estudyante, mamamahayag at kababaihan.

Sa pagtatapos ng programa, winasak ng mga kabataan ang isang obrang may mukha ng mag-amang Marcos na pinaliligiran ng mga salitang "Terror Law", "Martial Law", at iba pang mga simbolo ng diktadura at pasistang rehimen. K

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Bakit krimen sa digma ang pambobomba at panganganyon ng AFP sa mga komunidad?

Isa sa pinakabrutal na taktika ng kontra-rebolusyonaryong digma ng pasistang estado ang pambobomba gamit ang mga makabagong armas kagaya ng mga helikopter, eroplano, *drone, howitzer, mortar* at iba pa. Ginagamit ito ngayon ng reaksyunaryong Government of the Republic of the Philippines (GRP) bilang malakas at mapanupil na arsenal laban sa armadong pakikibaka ng mamamayan.

Sang-ayon sa prinsipyo ng proporsyunalidad, ang lakas ng sandata ay dapat sukat sa target at iyon lamang kailangan. Higit sa lahat, ipinagbabawal nito ang mga pag-atakeng magdudulot ng napakalaking pinsala at pagkadamay ng mga sibilyan. Tahasang nilalabag ito ng AFP at reaksyunaryong estado sa desperasyong makamit ang layuning kontra-rebolusyon. Laging karugtong ng walang puknat na mga operasyong militar ng AFP-PNP ang mga pambobomba sa komunidad upang lipulin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang labis-labis na pasabog at paghuhulog ng tone-toneladang bomba ay nagdudulot ng sobra-sobrang pinsala *(overkill)* sa armadong katunggali. Tampok na halimbawa nito ang pambobomba ng AFP sa Dolores, Samar noong Agosto 2021 kung saan inihulog ang 4,000 libra (1.8 metriko tonelada) ng bomba laban sa 50-kataong yunit ng BHB.

Nilalabag din ng AFP at reaksyunaryong gubyerno ang Protocol I ng Geneva Conventions na nagsasaad ng pagtitiyak ng karapatan at kaligtasan ng mga sibilyan sa panahon ng digma. Walang katiyakan na ang mga bombang ginagamit ng AFP ay makakasapul sa kanilang target. Higit sa nakararaming kaso ng walang pakundangang pambobomba ay pumipinsala at pumapatay sa mga sibilyan. Ginugulo rin ng pambobomba ang pamumuhay ng mamamayan at nagdudulot ng *trauma* sa bata man o matanda. Dislokasyon ang hatid ng sapilitang paglikas, pinsala sa ari-arian ng mga residente at pagkawasak ng kalikasan.

Paglabag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect For Human Rights and International Humanitarian Law na pinirmahan ng National Democratic Front of the Philippines at GRP sa negosasyong pangkapayapaan. Masahol pa, tinalikuran ng AFP maging ang reaksyunaryong konstitusyon na nagsasaad at nagbibigay proteksyon sa mga batayang pampulitika at demokratikong karapatan ng mamamayan.

Sadyang hindi kinikilala ng AFP-PNP at reaksyunaryong estado ang mga panuntunang ito sa hibang na pangarap na supilin ang lehitimong pakikibaka ng mamamayan at igupo ang armadong rebolusyon. Layunin nitong protektahan ang interes ng imperyalismong US at lokal na mga naghaharing-uring malaking-burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa at panatilihin ang sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Ang kontra-rebolusyonaryong gera ng reaksyunaryong rehimen ay nakabalangkas sa *counter-insurgency guide* ng US. Ang US din ang nagkukumpas sa bawat papet na estado na bumili ng inilalako nitong makabagong armas at iba pang kagamitang militar para gamitin sa lumalabang mamamayan. Syempre pa, nangunguna ang US bilang notoryus sa pambobomba sa mga sibilyan sa iba't ibang panig ng daigdig kagaya ng ginagawa nito noon pa man hanggang ngayon sa Middle East.

Naging kalakaran ng nagdaang tiranikong rehimeng US-Duterte na "patagin ang kabundukan" sa ngalan ng madugong gera "kontra-terorismo". Noong 2017-2022 sa ilalim ng pasistang rehimeng US-Duterte, naitala ang 142 kaso ng pang-iistraping, panganganyon at pambobomba mula sa himpapawid. Kabilang dito ang pambobomba sa Mt. Banoi sa Batangas City noong Setyembre 2018; ng 85th at 59th IBPA sa hangganan ng Catanauan, Mulanay, San Narciso at Buenavista, Quezon noong Pebrero 2021 na nagpalayas sa 26,000 mamamayan; ng 203rd Brigade sa hangganan ng Rizal at San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 2019 at hangganan ng Mansalay at Roxas, Oriental Mindoro noong Marso 2021; sampung beses na pagpapasabog ng bomba ng 3rd MBLT sa Sityo Kayasan, Brgy. Nicanor Zabala, Roxas, Palawan noong Hulyo 2021; at marami pang iba. Bukod pa rito ang pagpulbos ng AFP sa Marawi City sa utos ng imperyalismong US na nanghimasok sa "gera laban sa grupong Maute".

Nagpapatuloy ang teroristang pang-aatake sa mamamayan. Sa Mindoro pa lamang, may apat na kaso ng pambobomba ng 203rd Brigade sa unang taon ni Marcos Jr. Apektado rito ang 28,261 residente ng Mansalay, Roxas, Bongabong at Bansud sa Oriental Mindoro; at Rizal, San Jose at Calintaan sa Occidental Mindoro. Napilitan ding lumikas ang 250 pamilya sa Rodriguez, Rizal

matapos ang mga pagbabanta ng 80th IBPA na pambobomba sa kanilang komunidad.

Perwisyo ang pambobomba ng AFP sa buhay ng mamamayan. Napinsala ang mga kubo at sagingan ng mga residente ng Brgy. Malu, Bansud at Brgy. Tawas, Bongabong sa Oriental Mindoro nang pasabugan ito ng 203rd Brigade noong Mayo 8. Ganting atake ito matapos ang labanan sa pagitan ng 203rd Brigade at BHB Mindoro. Nasira naman ang mga aanihing palay ng magsasaka sa pambobomba ng 203rd Brigade at 68th IBPA sa hangganan ng Rizal, San Jose at Calintaan sa Occidental Mindoro noong Nobyembre 6, 2022.

Pagwawaldas naman sa pera ng taumbayan ang mga *test fire* ng 203rd Brigade mula sa kampo sa Sityo Tauga, Brgy. San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Oktubre 18, 2022 at Abril 29 nitong taon. Sa unang kaso, nagpaputok ng tatlong bala ng *howitzer* ang 203rd Brigade habang sa ikalawa ay apat hanggang anim na bala. Kapwa produktado ang mga napinsalang lupain ng mga residente na karamiha'y mga Hanunuo Mangyan.

Mapangwasak ang epekto ng pambobomba sa kalikasan. Sa unang taon ng ilehitimong rehimen, pitong pangunahing *biodiversity area* at mga reserbang kagubatan sa Cagayan, Kalinga, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro, Negros Occidental, Negros Oriental at Bukidnon na ang apektado (mahigit kalahating milyong ektarya). Hindi bababa sa kabuuang 62 *endemic species* ang nanganganib. Ang mga pinsalang ito ay hindi na mapapanag-uli.

Kailangang labanan ang terorismo at brutalidad ng estado. Marapat na patuloy na singilin at papanagutin ang AFP-PNP sa pambobomba sa mga komunidad na nagdudulot ng matagalang pinsala sa kabuhayan, epekto sa buhay at pamumuhay ng mamamayan at pangwawasak sa kalikasan.

Ilantad sa loob at labas ng bansa ang mga krimen sa digma ng GRP at AFP-PNP lalung-lalo na ang pambobomba. Magsagawa ng malaganap na gawaing alyansa sa internasyunal na komunidad para kundenahin ang brutal na pambobomba at *overkill* na estilo ng pasistang AFP-PNP.

Marapat ding panagutin ang imperyalismong US na utak at nasa likod ng kontra-rebolusyong digma at pangunahing pinagkukunan ng mga armas ng AFP-PNP. Ang paglalako ng US ng armas pandigma nito sa pamamagitan ng *military industrial complex* ay pagsalba sa naghihingalo nitong ekonomya. At higit sa lahat ang pagsupil sa rebolusyong Pilipino dahil sa anti-imperyalistang adhikain nito. Kailangang paigtingin ang pakikibaka laban sa imperyalismo at makipagkapit-bisig sa mga mamamayan ng daigdig na biktima ng gerang agresyon ng US.

Sa gitna ng pasista at teroristang pang-aatake, higit na kailangang patibayin ang pagkakaisa ng buong sambayanan. Nararapat na palaparin ang alyansa ng lahat ng aping mamamayan. Kaugnay nito, nananawagan ang NDFP-ST sa lahat ng tunay na lingkod bayan at makabayang abogado na tumindig para sa karapatan ng taumbayan laban sa pandarahas ng estado. Tulungan ang mga biktima ng pambobomba na magsampa ng kaso laban sa AFP at GRP. Makatwiran ang pangangalampag ng sambayanan na ilipat ang pondo ng AFP-PNP tungo sa higit na kapaki-pakinabang na serbisyong panlipunan ng bayan. Isulong ang programang rehabilitasyon sa mga lugar na pininsala ng pambobomba.

Palakasin ang panawagang ibalik ang negosasyong pangkapayapaan upang maging daluyan ng mga karaingan ng mamamayan at dagdag na mekanismo para ipagtanggol ang karapatan ng mga sibilyan sa gitna ng gera sibil. K



# CDX ng BHB, hindi labag sa Ottawa Treaty

Laging pinaparatangan ng AFP ang BHB na lumalabag sa patakaran ng digma sa paggamit ng *command detonated explosives* (CDX) laban sa nag-ooperasyon nilang tropa. Sirang plaka nilang sinasabi na ang paggamit nito ay paglabag sa Ottawa Treaty o The Convention on the Prohibition of the Use, Stockpiling, Production and Transfer of Anti-Personnel Mines and on their Destruction of 1997 ng United Nations. Tinatawag din itong Mine Ban Treaty dahil sa pagbabawal nito sa paggamit ng mga *anti-personnel mines* (APM) o *landmines* na walang kakayahang kumilala ng target.

Naiiba ang CDX sa iba pang mga APM sa saligang batayan na ito ay kontrolado ng operatiba ng BHB at sasabog lamang batay sa kumand para sa mga lehitimong target militar ng aksyong militar ng BHB. Kaiba ito sa iba pang APM tulad ng *booby trap* na sumasabog kapag simpleng naapakan ng tao o hayop. May depinidong target ang CDX, kaiba sa APM tulad ng mga *booby trap* na maaaring makapinsala ng mga sibilyan. At kung gayon, wala sa arsenal ng BHB ang paggamit ng APM.

Mahigpit na tumutupad ang BHB sa internasyunal na makataong batas at mga patakaran ng digma. Tinitiyak ng BHB sa lahat ng pagkakataon na hindi mapipinsala ang mga sibilyan o mga hindi kasangkot sa armadong labanan sa mga isinasagawa nitong aksyong militar. Milya ang kaibahan ng CDX sa sobrang lakas na mga pasabog ng AFP kagaya ng 500 libras kada pasabog na dala-dala at inihuhulog ng mga helikopter at eroplanong pandigma.

Paulit-ulit na iniuugnay ng AFP ang CDX sa mga APM upang pilit na ipagbawal ang paggamit nito ng mga Pulang mandirigma samantalang sila ang walang tigil na gumagamit ng mga eroplano, helikopter, *drone* at iba pang armas sa walang habas na pambobomba, panganganyon at pang-iistraping mula sa himpapawid. Nilalabusaw ng reaksyunaryong gubyerno at AFP ang laman ng Ottawa Treaty upang dis-armahan ng arsenal ang BHB sa pakikidigmang gerilya. Ipinipinta nito ang mga matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB laban sa AFP-PNP-CAFGU bilang "akto ng terorismo" para pagtakpan ang kanilang brutalidad at terorismo laban sa mamamayan. K

BANTAY KARAPATAN

# 1 lider manggagawa, pinatay; 3 kabataan, dinukot

Mariing kinukundena ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang nagpapatuloy na paghahasik ng pasismo ng estado sa rehiyon.

**Pamamaslang.** Noong Setyembre 29, bandang alas-4 ng hapon, pinagbabaril hanggang mapaslang ng mga elemento ng PNP Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) si Jude Thaddeus Fernandez ng Kilusang Mayo Uno (KMU) sa kanyang bahay sa Binangonan, Rizal.

Ayon sa palabas ng CIDG, hinainan umano ng *warrant of arrest* si Fernandez at saka "nanlaban" kaya pinaputukan. Pinabulaanan ito ng mga grupong makatao batay sa resulta ng inilunsad na *fact-finding mission* at ng KMU. Hindi armado at lehitimong organisador ng mga manggagawa si Fernandez.

Pinahirapan ng mga pulis ang pamilya ni Fernandez na mabawi ang kanyang mga labi. Sa buktot na katwiran ng mga pulis, isang "Oscar Dizon" ang kanilang napatay sang-ayon sa mandamyentong inihain kay Fernandez.

**Pagdukot at iligal na detensyon.** Iniulat na nawawala sina Job Abednego David, 29, Peter del Monte, Jr., 29 at Alia Encela, 19 mula pa Setyembre 19 at saka inilitaw ng mga elemento ng 203rd Brigade bilang mga sukong BHB pagsapit ng Oktubre. Ang tatlong kabataan ay mga organisador ng mga pambansang minorya sa Mindoro. Naglulunsad sila ng pagsisiyasat at imbestigasyon sa pagmimina at mga kaso ng paglabag sa karapatang tao sa Sityo Malaglag, Brgy. Lisap, Bongabong, Occidental Mindoro bago dinakip ng 203rd Brigade. Kasalukuyan silang nakapiit sa kampo ng 203rd Brigade sa Bansud, Oriental Mindoro.

*Sundan sa pahina 12*



JOB ABEDNEGO DAVID



ALIA ENCELA



PETER DEL MONTE JR.

*Mga kabataang organisador ng pambansang minorya sa isla ng Mindoro na dinukot at iligal na idinetine ng 203rd Brigade mula Setyembre 19 hanggang kasalukuyan*

*Mula sa pahina 11*

Ipinagpipilitan ng mga pasista na kasapi ng BHB ang tatlong kabataan sa kabila nang hindi armado ang tatlo nang hulihin. Hindi sila inihaharap sa publiko at pinalalabas ng 203rd Brigade na "kusang-loob" na nagpakustodiya sa kanila.

**Militarisasyon.** Nagtambak ng pwersa ang 1st IBPA at nagpapasok ng mga tangke de gera sa Sta. Maria, Laguna sa tabing ng pagmamantini ng seguridad sa panahon ng SK at Barangay Elections laban sa PKP-BHB. Sa halip na seguridad at kapanatagan, kabaliktaran ang idinudulot nitong epekto sa mamamayan ng Sta. Maria. Intimidasyon at takot lamang ang nililikha nito sa mga sibilyan, gayundin ang panghaharas, pagbabanta at *surveillance* sa mga kandidato ng Barangay-SK Elections na pinararatangang may kaugnayan sa PKP-BHB.

***Harassment.*** Tuluy-tuloy na hinaharas ng mga gwardya ng LCG Homes at ng mga Gatlabayan ang komunidad ng mga magsasaka sa Sityo Nagpatong, Brgy. San Jose, Antipolo City para palayasin sila at bigyang-daan ang proyektong *subdivision* sa lugar. Nasa 150 pamilya ang apektado ng panghaharas.

Inilunsad ng mga magsasaka ang isang linggong pagkakampo mula Setyembre 18 para labanan ang panghaharas. Hiniling din nilang magkaroon ng dayalogo kay Gov. Nina Ynares para ihapag ang kanilang problema.

Sa unang araw ng pagtatayo ng *protest camp* ng mga magsasaka, binantaan sila ng mga gwardya na bubuwagin ito. Sa mga sumunod na araw, nagbahay-bahay ang goons at pilit na kinukuha ang pagkakakilanlan ng mga sumama lalo ng mga nanguna sa *protest camp.* Bago matapos ang *protest camp,* nagpatupad ng polisiyang *"No ID, No Entry"* ang mga gwardya.

**Iligal na tanggalan sa trabaho.** Walong manggagawa kabilang ang tatlong upisyal ng unyon ng Nexperia Philippines ang iligal na tinanggal sa trabaho noong katapusan ng Setyembre. Ayon sa unyon, tahasang pambabalasubas ito sa kanilang *collective bargaining agreement* partikular sa probisyon na *"Last In, First Out".*

Ipinabatid ng kumpanya ang kanilang desisyon sa unyon noong Setyembre 22. Ginamit nila ang mga probisyon kaugnay sa pag-*leave* para ideklarang *"not in good standing"* ang mga manggagawa.

Nakikibaka ang unyon na panatilihin sa trabaho ang mga manggagawang matatanggal ng plano ng kumpanya na isara ang Sensors Department ng pabrika na magtatanggal sa 495 manggagawa sa trabaho. K



# Tam Lumaban!*

*ni Ka Bingbing*

Tila may dalang unos ang tunog ng *fighter jet*
Ang paglagapak ng bomba mula sa FA50
Ang sunud-sunod na lipad ng bala ng *howitzer*
Walang habas na istraping mula sa helikopter

Desperadong sindakin ang kaingin at kagubatan
Balutin sa bangungot at lagim ang kabundukan
Nais durugin ang mamamayang naninindigan
Iwalay sa lupaing ninuno ang Mangyan

Panata ng rehimen: ihatid ang terorismo
Sagad-sa-buto ang pagkahayok sa dugo
Mangamkam ng lupa, maglingkod sa imperyalismo
Wasakin ang buhay ng magsasaka't katutubo

Hinding-hindi maninikluhod ang taumbayan
Natutong sa pagbubuklod humugot ng tapang
Binibigo ang bawat dumog at pagsaklot
Iniigpawan ang takot, nangingibabaw ang poot!

Ang lupa ay sa tao! Malaon na itong napatunayan
Dating mga pastuhan ang siya ngayong nililinang
Balikan ang kasaysayan, di ba't api ay lumaban?
Tigreng papel ang kaaway sa lakas ng mamamayan!

**Tayo'y lumaban! sa salitang Mangyan*

*Nilikha matapos ang paglagapak ng bomba mula sa FA50 fighter jet ng kaaway sa Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro.* K